



Creating
an inclusive
community
together

MGA NILALAMAN

1. Ang Strategy Advisory Council (Ang Sanggunian)
2. Mga pampublikong pagpupulong at konsultasyon upang suportahan ang pagpapatupad ng Istratehiya
3. Ang website ng Istratehiya
4. Mga Patnubay sa Mabuting Gawi para sa Pakikipag-ugnayan sa mga Taong may Kapansanan
5. Mga Pagbabago sa Plano ng Pakikipag-ugnayan

Plano ng Pakikipag-ugnayan

Ang Plano ng Pakikipag-ugnayan (The Engagement Plan, Ang Plano ng Pakikipag-ugnayan) ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya ay naglalarawan ng mga paraan upang makalahok ang mga taong may kapansanan sa pagpapatupad ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya (Australia's Disability Strategy, ang Istratehiya) sa buong panahon nito. Kabilang dito ang pagkakaroon ng tungkuling magmonitor at mag-ulat tungkol sa progreso nito. Ang mga katangian ng Plano ng Pakikipag-ugnayan ay magbibigay sa mga taong may kapansanan ng mga paraan upang maimpluwensyahan ang direksyon ng mga polisiya at serbisyo sa hinaharap na umaapekto sa kanilang buhay.

Para maipatupad nang mahusay ang Istratehiya, dapat marinig at isaalang-alang ang mga opinyon ng mga taong may kapansanan, interesadong partido (stakeholders) ng sektor ng kapansanan, at iba't ibang mga grupo sa sektor. Ang pakikipag-ugnayan sa mga grupong gaya ng mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander na may kapansanan at sa mga taong may kapansanan mula sa iba't ibang kultura at wika sa komunidad ay titiyak sa pagsali at pagsasaalang-alang ng malawak na hanay ng mga opinyon.

1. Ang Sangguniang Tagapayo ng Istratehiya (The Strategy Advisory Council, Ang Sanggunian)

Ang pagkatatag ng Sanggunian ay sumabay sa pagsisimula ng Istratehiya noong 2021. Ang tungkulin ng Sanggunian ay upang payuhan ang mga ministro ng kapansanan at pamahalaan (kabilang ang mga lokal na pamahalaan) ng Australya, estado at teritoryo tungkol sa pangunahing mga elemento ng Istratehiya, kabilang ang:

- Tinarget na mga Plano ng Aksyon
- Mga Kaugnay na Plano
- Balangkas ng mga Kalalabasan
- pana-panahong pag-uulat ng progreso/pagpapatupad.

Ang mga payo ng Sanggunian (Council) tungkol sa mga bagay na ito ay:

- hahanay sa balangkas sa pag-uulat ng Istratehiya at isasali sa pag-uulat sa mga ministro at sa publiko
- magbibigay ng payo sa iba pang mga isyu na napapaloob sa sakop ng Mga Kalalabasang Bahagi ng Istratehiya, kung sasang-ayunan ng mga hurisdiksyon.



Gagawing mas simple at mahusay ang pinakabuod ng mga miyembro ng Sanggunian at magmumula sa mga pangunahing grupo ng mga interesadong partido¹. Kalahati man lamang ng mga miyembro ay mga tao na may kapansanan. Kabilang sa prayoridad na mga grupo na isasaalang-alang para maging miyembro ng Sanggunian ay ang:

- mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander
- mga taong mula sa mga komunidad na may iba't ibang kultura at wika
- mga kababaihan
- mga kabataan
- mga taong may karanasang mamuhay sa mga komunidad na rural at malalayo (remote).

Bawat taon, ang Tagapangulo ng Sanggunian ay dadalo sa isang miting ng mga ministro ng kapansanan upang magbigay ng payo sa mga ministro ng kapansanan.

Ang Sanggunian ay uugnay nang mabuti sa mga lupong tagapayo sa kapansanan ng estado at teritoryo.

Ang Sanggunian ay maaaring suportahan ng mga sub-group na may taning na panahon kung kailangan, upang pagsama-samahin ang mga taong may kapansanan at ang kanilang mga kinatawan, mga dalubhasa, at mga organisasyon upang magpayo tungkol sa mga paksa na kailangan ng mataas na prayoridad na aksyon sa ilalim ng Istratehiya.

2. Mga pampublikong pagpupulong at konsultasyon upang suportahan ang pagpapatupad ng Istratehiya

Taun-taon mula 2022 hanggang 2031, isang pampublikong pagpupulong o konsultasyon man lamang ang gaganapin upang suportahan ang pagpapatupad ng Istratehiya (tingnan ang iskedyl sa website ng Mapa tungkol sa Istratehiya) na binubuo ng:

- tatlong Istratehiya ng Pambansang Pampublikong Pagpupulong, (Strategy National Public Forum, ang Pambansang Pampublikong Pagpupulong) sa buong panahon ng Istratehiya, na ang una ay gaganapin sa 2022
- apat man lamang na mga Pagpupulong ng Istratehiya sa estado at teritoryo ang gaganapin sa buong panahon ng Istratehiya, sa mga taon na hindi ginaganap ang Pambansang Pampublikong Pagpupulong
- tatlong pampublikong konsultasyon sa buong panahon ng Istratehiya, upang ihanay sa mga mahalagang pagrepaso ng Istratehiya, kabilang ang isa sa taon bago ang katapusan ng Istratehiya.

Ang mga taong may kapansanan at mga organisasyong gaya ng Australian Human Rights Commission, Disabled People's Organisations, at Disability Representative Organisations ay isasangkot sa pagdisenyo, pag-aayos, at pagsasagawa ng mga pampublikong pagpupulong at konsultasyon.



3. Ang website ng Istratehiya

Isang inilaang website ang nilikha upang padaliin ang paghanap sa pinakabagong impormasyon tungkol sa Istratehiya. Kabilang dito ang:

- isang gateway ng impormasyon upang magbigay ng magagamit na one-stop shop para sa impormasyon tungkol sa Istratehiya, kabilang ang Balangkas ng mga Kalalabasan at Tinetarget na mga Plano ng Aksyon, upang magbigay ng kamalayan at pahintulutan ang mga tagagamit na madaling makita ang hinahanap nila
- pagtatampok ng mga kaganapan at 'ano ang bago' upang magbigay ng napapanahong impormasyon tungkol sa darating na mga kaganapan sa Plano ng Pakikipag-ugnayan gaya ng mga pampublikong pagpupulong at konsultasyon, pati na rin ang paglalabas ng mga mahalagang impormasyon at polisiya
- isang serbisyo ng online feedback upang pahintulutan ang patuloy na konsultasyon para sa buong komunidad na magiging aktibo sa buong panahon ng Istratehiya.

4. Mga Patnubay sa Mabuting Gawi para sa Pakikipag-ugnayan sa mga Taong may Kapansanan

Ang Pamahalaang Australya ay nagpopondo sa pagbuo ng Mga Patnubay sa Mabuting Gawi para sa Pakikipag-ugnayan sa mga Taong may Kapansanan. Ang mga taong may kapansanan na nagbigay ng payo tungkol sa pagbuo ng Istratehiya ay nagsabi sa amin na ang isang patnubay sa mabuting gawi sa pakikipag-ugnayan ay isang mahalagang mapagkukunan. Ang patnubay na ito ay tutulong alisin ang mga hadlang sa paglahok ng mga taong may kapansanan at magtataguyod sa mga karapatan ng mga taong may kapansanan upang makakuha ng kaparehong mga oportunidad sa komunidad gaya ng iba.

Ang Mga Patnubay ay bubuuin ng isa o higit pang mga organisasyong di-pampamahalaan na may kaalaman sa karanasang mamuhay na may kapansanan at sa pakikipag-ugnayan at pakikipag-komunikasyon sa mga taong may kapansanan. Ang mga tao mismo na may kapansanan ang pinakakasangkot, at magpapayo tungkol sa mga patnubay habang binubuo ang mga ito.

5. Mga Pagbbago sa Plano ng Pakikipag-ugnayan

Sa buong panahon ng Istratehiya, ang Pamahalaang Australya ay patuloy na rerepasuhin ang kahusayan ng mga aktibidad ng pakikipag-ugnayan at sasaliksikin ang mga bagong pagpupulong sa pakikipag-ugnayan. Ang Plano ng Pakikipag-ugnayan ay isasapanahon kung kinakailangan.

¹ Kabilang sa mga grupo ng pangunahing interesadong partido (stakeholders) ang mga taong may kapansanan, kapamilya at tagapag-alaga ng mga taong may kapansanan, organisasyong kumakatawan sa mga taong may kapansanan, kapamilya, tagapag-alaga o tagapagbigay ng serbisyo: mga dalubhasang teknikal at akademiko; mga organisasyon o indibidwal na kumakatawan sa panlahat na sektor na kahanay ng Mga Bahaging Kalalabasan ng Istratehiya.